

Mildred Howard

Southeast Community Center sa 1550 Evans

Salaysay ng Panukala sa Iskultura sa Plasa (Plaza Sculpture Proposal Narrative)

Ang West African na metal na iskultura sa tanso, bronse at bakal ay kumakatawan sa interseksiyon ng sining, alahas at yaman: bukod pa sa gamit bilang isang salapi para sa palitan, gaya ng mga bagay na maaaring isuot bilang isang tanda ng tagumpay, na sumasagisag sa kapangyarihan ng isang tao. Ang salapi ay isinusuot sa maraming kultura sa buong mundo, na sa bawat piraso ay kumakatawan sa parehong simboliko at pang-ekonomiyang halaga. Ang aking panukala ay kumukuha ng inspirasyon nito mula sa malakas na pahiwatig na ito, gamit ang mga anyong direktang nakuha mula sa tradisyonal na salapi ng Ivory Coast upang gunitain ang hindi kilalang mga kontribusyon ng komunidad ng African-American sa pamayanan ng Bayview / Hunter's Point – isang komunidad na natiwalag at nagkaroon ng problema dahil sa pagbabago ng lugar (gentrification) at ang pagbangon ng isang bagong ekonomiya na digitally-oriented. Katulad ng mga tao sa Bayview / Hunter's Point, ang mga sagisag na ito ng salapi ng Africa ay mga mamahaling alahas at mga taguan ng hindi nahahawakang kayamanan.

Ang mga anyong ito – na tradisyonal na sinusuot bilang mga anklet – ay kapansin-pansing pinalaki sa bronse at may patayong oryentasyon, banayad na nagmumugkahi ng balangkas ng isang katawan ng barko. Ang lugar ng Bayview / Hunter's Point ay palaging naging tahanan sa mga imigrante; bago ang malawakang migrasyon ng mga African-American mula sa Timog America, Portugal at Italya na naglayag sa mga karagatan para gumawa ng kanilang mga tahanan doon. Ang aking sariling pamilya ay bahagi ng migrasyon ng African-American mula sa Timog America noong panahon nang ipinastol ang mga baka sa 3rd Street; nagtrabaho sila sa mga pagawaan ng barko at lokal na restoran, iniipon ang kanilang pera upang makabili ng isang bahay sa mga lugar lamang sa bansa kung saan ang mga African-American ay pinahintutulang bumili ng ari-arian. Ang obrang ito ay maninindigan bilang isang hayagang parangal sa mga paglalakbay, mga pagsubok, at pagtitiyaga ng mga imigrante at mahihirap na residente ng anumang lahi o etnisidad: iyong mga nagtrabaho sa mga pabrika at pagawaan ng barko, naglinis ng mga bahay at nagwalis sa mga lansangan ng Pacific Heights upang mabigyan ang kanilang mga anak ng isang piraso ng American dream. Ang panlahat at sagradong hugis nito ay sabay-sabay na nagpapaalala sa pang-habang-buhay na pagkilos ng mga imigrante at ang pinaghirapang yaman — parehong pang-ekonomiya at hindi pisikal — na kailangan upang magtatag ng kanilang mga komunidad, matayog na nakatayo bilang isang nagmamalaki at marangal na paalala na lahat tayo sa wakas ay nakarating sa bansang ito mula sa ibang lugar.

Plano ng Outreach sa Komunidad

Ang proyekto ng pagiging aktibo sa lipunan na aking ipinapanukala ay naghahandog sa mga kabataang nagmumula sa komunidad ng Bayview-Hunter's Point ng isang bihirang oportunidad upang matuto ng tuwiran mula sa sariling karanasan tungkol sa mga realidad ng isang karera sa sining. Sa pagtatrabaho kasama ng piling pangkat ng kabataan sa pagitan ng edad 15 at 18 taong gulang sa koordinasyon sa graduate department ng San Francisco Art Institute, ang programang ito ay nagtatanghal sa sining bilang isang lehitimo at seryosong pagpili ng karera na nangangailangan ng habambuhay na dedikasyon, pagka-dalubhasa sa pananaliksik, at mahigpit na pagpapaunlad sa sarili. Ang iba't ibang disiplina at mga pagpipiliang karera ay kakatawanin at imodelo ng mga artist at (mga) manunulat na kalahok, kabilang ang aking sarili, isang artist na nagpapamalas ng pagiging propesyonal sa loob ng mahigit na limampung taon.

Ang mga kalahok sa programa ay pipiliin nang nararapat sa pamamagitan ng pakikipagtulungang mabuti sa mga serbisyong panlipunan at/o sa mga lokal na mataas na paaralan. Maglalakbay kami bilang isang grupo sa kampus ng SFAI upang makipag-pulong sa limang iba't ibang graduate student mula sa sarisaring disiplina, gayon din sa kahit isang nagtatrabahong propesyonal na artist maliban sa akin, upang lumahok sa mga talakayan patungkol sa mga paksang kabilang ang: pag-aplay sa eskuwelahan ng sining; pagpili ng isang disiplina; ang pangangailangan ng

isang napapanatili at disiplinado na pagsasanay sa studio; at ang pangkabuhayang mga realidad sa pagtatrabaho sa sining. Natanggap ko na ang pagpapatibay ng interes ng graduate department ng SFAI na maging facilitator sa programang ito. Isinasaalang-alang ko rin ang kahit isang propesyonal na manunulat sa sining bilang isang dagdag na facilitator sa talakayan, na kumakatawan sa posibilidad ng isang karera sa sining na hindi nangangailang sumali sa direktang paggawa ng visual art.

Sa katapusan ng programa, magsasama-sama kami at tatalakayin ang kinalabasan. Pagkatapos, tatanggap ang bawat kalahok ng \$1,000 at tatanggap ang bawat graduate student facilitator ng \$500; ang balanse ay mapupunta sa transportasyon ng grupo para sa pagparoo't parito sa mga pulong na ito. Mahalaga sa akin na ang mga kabataang ito ay natatanto ang posibilidad ng pag-aaral at paggawa ng sining bilang isang posibleng paraan upang kumita habang pinapalawak din ang kanilang konsepto ng sining bilang isang balangkas ng iba't ibang disiplina na binubuo ng hindi lamang ng 2- at 3-d visual media kundi pati na rin ng pagganap, tula, at pagpuna. Samantala, kaparehong mahalaga rin na ang malaking bahagi ng badyet na \$25,000 ay direktang mapunta sa tinariget na komunidad para sa outreach na ito: sa madaling sabi, kailangang kumita ng mga kabataang ito. Bilang isang artist na may karanasan sa loob ng mga dekada, umaasa akong magsilbi bilang isang modelo at tagapagturo para sa mga kabataang residente ng Bayview-Hunter's Point na gustung-gustong matutuhan ang tungkol sa sining ngunit maaari namang mahirapang makapasok sa daigdig ng sining.